Republic of the Philippines
Department of Education
National Capital Region
DIVISION OF CITY SCHOOLS
City of Muntinlupa

RELEASED
DATE 1/20/20

Enero 12, 2011

MEMORANDUM
BLg.. 040 s. 2011

2012 PANDIBISYONG PALIGSAHAN SA MAUNAWANG PAGBASA PARA SA ELEMENTARYA

Para sa : Pansangay na Tagamasid
Paaralang Pampribado at Pampublikong Punungguro/
Pansamantalang Tagapamahala

1. Ang 2012 Pandibisyong Paligsahan sa Maunawang Pagbasa sa Elementarya ay gaganapin sa Conference Room ng Alternative Learning Center sa Pebrero 7, 2012, sa ganap na ika-9 ng umaga.
2. Ang paligsahan ay lalahukan ng Tatlong (3) mag-aaral na nagwagi sa pampaaralang paligsahan (School level contest) para sa Ikalima at Ikaanim na Baitang.
3. Ang bawat paaralan ay inaasahang magpadala ng isang gurong tagapag-ugnay lamang bilang kasama ng mga kalahok.
4. Batay sa napagkasunduan ng mga tagapag-ugnay sa Filipino, ang bawat kalahok ay inaasahang magbayad ng Isang Daang Piso (P 100.00) bilang rehistrasyon na gagamitin sa tanghalian ng kalahok at proctors , gantimpala at iba pang gastusin na maaaring kunin sa pondong lokal at kantina .
5. Ang pangalan ng kalahok at butaw sa rehistrasyon ay dapat isumite kay Lilet Reyes sa Pansangay na Tanggapan o Kay G.Amado M. Angat (Pansangay na Tagamasid sa Filipino) sa o bago mag Enero 31,2012 para sa opisyal na pagsali.
6. Magsisilbing proctors at checkers sa paligshan ang mga sumusunod;

Gng.Melesa L. Calapano	-	MBHS
Gng. Romarie Mendoza	-	PEDHS
Gng. Pinky Gomez	-	MNHSA
Gng. MaryAnn Wijetunge	-	MNHS

7. Kalakip nito ang panuntunan ng patimpalak para sa inyon gabay ng paglahok.
8. Inaasahan ang malawakang pagpapalaganap at pagsunod sa memorandum na ito.

DOMINICO C. IDANAN
Pansamantalang Tagapamahala
Office of Schools Division Superintendent

PANUNTUNAN NG 2012 PANDIBISYONG PALIGSAHAN SA MAUNAWANG PAGBASA

1. Ang bawat paaralan ay dapat magpadala ng lahok mula sa kanilang pampaaralang pakontes sa Maunawang pagbasa.

2. Ang bawat kalahok sa lebel na kinabibilangan ay maglalaban gamit ang isang set ng babasahin.

3. Ang bawat pagsusulit na naglalaman ng 50 tanong,ay may dalawng uri ng babasahin; ang isa ay nasa anyo ng tuluyan at ang isa ay nasa anyo ng tula.

4. Ang pagsusulit ay dapat masagutan sa loob ng 60 minuto lamang at ang mga kalahok ay dapat magsimula at matapos kapwa sa itinakdang oras.

5. Ang kalahok ay hindi dapat magsulat ng pangalan sa answer sheet may itinakdang sulatan ng pagkakakilanlan na ipamamahagi sa oras ng pagsusulit.

6. Ang Tatlong (3) pinakamataas ng iskor sa pagsusulit ang tatanghaling panalo.

7. Kung sa pagkakataon na may magtabla sa iskor, ang sinumang kalahok ay dadaan sa 20 minutong pagsusulit upang pagbasihan ng indibidwal na nagwagi.

8. Ang kabuuang iskor ng tatlong (3) kalahok ng bawat paaralan ang pagbabasihan ng school ranking sa bawat lebel at ang iskor ng Anim (6) mag-aaral sa lahat ng lebel ang pagbabasihan ng tatlong paaralang magkakamit ng pinakamataas na pagkilala para sa taong ito.

9. **Mga Gantimpala;**

Indibidwal na Magwawagi

Unang Gantimpala	-	medalya at seripiko
Ikalawang Gantimpal	-	Medalya at sertipiko
Ikatlong Gantimpala	-	medalya at seripiko

Magwawaging Paaralan

Unang gantimpala sa Ikalimang Baitang	-	Tropeyo at Sertipiko
Unang gantimpala sa Ikaanim na Baitang	-	Tropeyo at Sertipiko

Pangunahing Magwawaging Paaralan

Unang Gantimpala - medalya at seripiko
Ikalawang Gantimpala- Medalya at sertipiko
Ikatlong Gantimpala - medalya at seripiko

10.Bilang ng mga Kalahok

Bilang ng Paaralan	Bilang ng kalahok
18	54

11.Komite

Palatuntunan - Bayanan E/S
Imbitasyon - Bayanan Unit 1
Dokumentasyon - Buli E/S
Rehistrasyon - F.De Mesa /Itaas E/S
Gantimpala - Alabang E/S
Pamatid-uhaw - Putatan/Lakeview E/S
Sertifiko - Cupang E/S

12.LAANG GASTUSIN

Pagkakagastusan	***Halaga***	***Bilang ng Kalahok***	***Kabuuang Halaga***
Tanghalian	**Ph.60.00**	**77**	**P 4,620**
Medalya	**Ph. 35.00**	**6**	**P 210**
Sertipiko			**P 300**
Tropeyo	**Ph 1,000**		**P 1,000**
USB			**P 400**
Kabuuan			**P 6,530**